



Kino-construct ang Parte ng Susan Fennell Sportsplex

BRAMPTON, ON (Hulyo 13, 2022) – Ang isang bahagi ng Susan Fennell Sportsplex ay isasara sa publiko para sa construction upang pasiglahin ang nalulumang recreation centre. Ang construction sa Susan Fennell Sportsplex ay bahagi ng plano ng Brampton na pasiglahin ang mga recreation centre para mas mapaglingkuran ang komunidad.

Ang construction ay nasa dating craft room at bahagi ng katabing mga espasyo ng unang palapag.

Ang bagong espasyo ay magtatampok ng mga elemento ng modernong disenyo na nagtataguyod ng pagtutulungan at pagkakaisa, na may nakasaradong area na may leading-edge technology tulad ng electronic sports (E-sports), isang pull-down green screen para sa maramihang mga pagkakataon sa programa tulad ng pagrekord ng mga musika, vocals, pag-compose ng musika, mga oportunidad ng DJ at mas marami pa.

Kapag tapos na ang construction, ang Sportsplex Community Youth Hub ay magbubukas sa 2023 para magbigay ng one-stop-shop para sa kabataan sa pagitan ng edad 14 at 29 para lumikha, kumonekta at sumuporta sa isa't isa.

Matapos makumpleto ang mga renobasyon para sa Youth Hub, magsisimula ang bagong mga inisyatiba sa pagtitipid ng enerhiya. Ang Sportsplex ay makakakita ng dagdag na aksesorya sa karagdagang mga proyekto sa construction para matugunan ang zero na dagdag sa carbon ng gusali. Maraming mga recreational centre ng Brampton ang nabibilang sa halos 50 porsiyento ng greenhouse gas (GHG) emissions ng Lungsod.

Pinili ng Lungsod ng Brampton ang Susan Fennell Sportsplex para sa zero na dagdag sa carbon dahil ang recreation centre ay naglalabas ng tinatayang 1,100 tonnes ng carbon dioxide kada taon, na katumbas ng GHG emissions na nalikha ng 238 sasakyan. Karamihan sa mga malalaking servicing equipment ng gusali sa pasilidad ay narating na rin ang dulo ng buhay nito.

Alamin ang mas marami pa tungkol sa proyektong ito sa [Brampton.ca](https://brampton.ca).



BRAMPTON

Service and Information Update